

MGA PAYO UPANG MAIWASAN ANG PAGKAWALA NG IYONG ALAGA

Isinalin sa Filipino ni: Maria Azalea Florentino - Volunteer ng Philippine Animal Rescue Team(PART)/Phoenix Legacy of Compassion

Ano ba ang iyong maaaring gawain bago tuluyang mawala ang iyong alaga at mapabilis ang paghahanap nito?

- Mainam na palaging may suot na kolyar na may ID o tanda (tag) ang iyong alaga.
- Isulat sa malalaking titik ang pangalan ng iyong alaga at kasalukuyang bilang ng telepono sa kolyar ng iyong alaga. Kumukupas kasi ang tanda (tag) at maaaring matakot ang isang estranghero sa iyong alaga kung kayat maaaring hindi na niya tingnan ang maliit na tanda (tag) sa ilalim ng baba nito.
- Siguraduhing napapanahon ang impormasyong nakalagay sa tanda (tag) at kolyar ng iyong alaga.
- Mainam na napakapon ang iyong alaga. Bumababa kasi ang tsansa na sila ay maglayas kung sila ay napakapon.
- Turuan ang iyong alaga. Mahalagang matutunan ng iyong alagang aso na hindi matuksong lumabas kapag nakabukas ang pintuan.
- Ang pagkakaroon ng bakod, gate, pintuan, at bintana bilang pangunahing seguridad ay mainam. Siguraduhing walang lugar na maaaring maging lusutan palabas ang iyong alaga sa iyong bakuran. Mahalagang nakakandado ang mga gates sa labas ng tahanan.
- Kung may nag-aalagang iba sa iyong alaga habang ikaw ay wala sa bahay, siguraduhing alam at nauunawaan niya ang gawain o kalakarang panseguridad.
- Kung may alagang pusa, mas makabubuti kung siya ay nananatili lamang sa loob ng tahanan.
- Kung ang iyong alagang aso ay nasa labas, siguraduhing may bakod ang kinalalagyan ng iyong alaga o siya ay may tali. Huwag mong hayaang mag-isang mamasyal ang iyong alaga sa bakuran. Gayundin, huwag mong iiwanang mag-isa ang iyong alaga sa loob ng sasakyan o mag-isang nakatali sa isang lugar.
- Kung hindi kanais-nais ang panahon, may bagyong parating, o maingay na pagdiriwang, ikulong ang iyong alaga sa ligtas na lugar. Kapag natatakot ang mga aso, nais nilang tumakas o tumakbo.
- Kung kailangan mong umalis saglit o kung may mga taong kailangang pumasok sa loob ng iyong bakuran, iwanan ang iyong alaga sa lugar na hindi mapapasukan ng tubig - maaaring sa nakasarang garahe o loob ng tahanan.
- Maaari mo ring palagyan ng pet ID na ibabaon sa gitna ng mga balikat ng iyong alaga. Madalas na tinitingnan ng mga silungan para sa hayop ang nasabing pet ID.
- Mahalagang palaging may napapanahon na mga larawan ang iyong alaga. Mas maganda kung ito'y "digital."